**PAKSA: KASAGUTAN SA MGA SUMUSUNOD NA REKLAMO:**
**PCC CODE NO. PL-GDP-07-05-2022-131**
**PACE CODE NO. PM-DAVE-03-09-2023-045**
**PM-MTM-07-06-2022**

March 21, 2023

**GNG. AMELIA D. VILLALUZ**
EmailAd: aubrevista@gmail.com

**Sa inyo Gng. Villaluz,**

Isang maka-kalikasang araw!

Ito po ay may kaugnayan sa inyong idinulog na suliranin sa tanggapan ng Presidential Complaint Center at sa iba't-ibang ahensiya ng gobyerno na ibinaba at inindorso naman ng mga nasabing ahensiya sa tanggapan ng DENR-CENRO, Puerto Princesa patungkol sa isang parsela ng lupa na may pagkakakilanlan bilang **Lot 68, Sgs-04-000744-D na matatagpuan sa Brgy. Macarascas, Puerto Princesa City.**

Ayon sa pagsisiyasat, ang tinutukoy at lupang pinagtatalunan na matatagpuan sa **Purok Matahimik, Sitio Baruang, Bgy. Macarascas, Puerto Princesa City** *(ayon sa katawagan ng mga residente mula sa Bgy. Macarascas)* at **Purok Milenyo, So. Sia, Bgy. Buenavista, Puerto Princesa City** *(ayon sa katawagan ng mga residente mula sa Bgy. Buenavista)* ay **IISA LAMANG.**

Ang pangunahing dahilan ng inyong pagliham ay para makatulong sa Samahan ng Aubre Vista Heights Association (AVHA) sa Sitio Sia, Purok Milenyo, Bgy. Buenavista, Puerto Princesa City.

Ang mga sumusunod ay mga isyu na nais ninyong maliwanagan at matugunan:

1. Sinasabi ninyo na napakaraming member noon ng Aubrevista Heights ang nakiusap na tumulong kayo sa kaso ng lupa nitong si Quirino Abrea, na siyang pangulo ng AVHAI, Inc.;

2. Na ayon sa iyong liham ay sapilitan itong inaagaw ng Barangay Captain Romia Labrador, et. al. ang 1,000 ektarya na lupa ng Buenavista at inilipat sa Brgy. Macarascas;

3. Pakikipagsabwatan ng ilang empleyado ng CENRO, PENRO at MIMAROPA Land Management Bureau;

4. "Humihiling kayo ng Public Hearing sa Puerto Princesa kasama ang nasasangkot sa usapin ngunit wala po silang positibong pagtugon"

**<u>Para sa unang isyu na napakaraming members noon ng Aubrevista Heights ang nakikiusap na kayo ay tumulong sa kaso:</u>**

1. Na, ipinabatid ng tanggapang ito noong ika-22 ng Pebrero 2021 sa DENR Action Center, Quezon City, na ang CENRO Puerto Princesa ay nakipag-ugnayan sa National Bureau of Investigation (NBI) at Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) upang maimbestigahan ang inirereklamong "syndicated fraudulent transactions" na sangkot ang isang taong nagngangalang Quirino D. Abrea, et. al. Ipinaabot din sa nasabing tanggapan na ang mga dating opisyales ng nasabing asosasyon na kapwa nagrereklamo rin at diumano ay tumiwalag na sa pamumuno ni Ginoong Quirino D. Abrea ay iimbitahan din ng CENRO para pag-usapan ang kanilang mga reklamo patungkol sa 1,000 ektarya na lupain na matatagpuan sa Purok Melinyo, Sitio Sia, Barangay Buenavista, Puerto Princesa City;

2. Na, noong ika-16 ng Marso 2021, ipinatawag ng tanggapang ito ang ilan sa diumano ay mga lehitimong opisyales ng Aubre Vista Homeowner's Association, Inc., bilang tugon sa reklamong inihain ng isang nagngangalang Jess Dalumpines kaugnay sa akusasyon na "syndicated fraudulent transactions" patungkol sa 1,000 ektarya na lupain na matatagpuan sa Purok Melinyo, Sitio Sia, Bgy. Beunavista, Puerto Princesa City, sangkot ang isang Quirino Abrea, at iba pa, upang magbigay-linaw sa ilang bagay na inirereklamo;

3. Na, ayon sa Memorandum na may petsang ika-4 ng Oktubre 2021 na ipinalabas ni dating Regional Executive Director Maria Lourdes G. Ferrer, CESO III, kanyang ipinag-utos sa Assistant Regional Director for Technical Services ang implementasyon ng desisyon.

4. Na, noong ika-19 ng Abril 2021, ang tanggapang ito ay sumulat kay Ginoong Quirino Abrea, Pangulo ng Aubre Vista Heights Association (AVHAI) ng Bgy. Buenavista, Puerto Princesa City, upang payuhan siya na itigil ang pamamahagi o pagbebenta ng mga bahagi nang nasabing lupa sapagkat wala itong karapatang gawin ang mga nasabing bagay. Ito ay bilang tugon sa mga reklamo na inihain ng mga dating opisyales at kasapi ng nasabing asosasyon sa tanggapan ng CENRO. Diumano ay patuloy at paulit-ulit si Ginoong Abrea sa pamamahagi ng nasabing lupain dahilan upang magkaroon ng pagpapatong-patong na pag-aangkin ang mga miyembro nito;

**<u>Sa inyong pangalawang isyu na diumano ay "sapilitan itong inagaw ng Brgy Captain Romia Labrador, et. al. ang 1,000 hectares na lupa ng Buenavista at inilipat at Brgy. Macarascas</u>".**

Nais po naming ipabatid sa inyo na ang political boundaries ng bawat barangay ay itinatakda sa bawat resolusyon ng Sangguniang Panlungsod na naglilikha ng bawat barangay.

Ang nasabing mga boundaries ng bawat barangay ay makikita rin sa bawat cadastral survey kung saan nasasaad ang political boundaries.

Kaugnay nito, nais naming ipaabot ang mga sumusunod:

1. Na, ang Sangguniang Panlungsod ng Siyudad ng Puerto Princesa ay nag-aproba noong ika-22 ng Agosto, 2016 ng isang Ordinansa Bilang 761, na may titulong "An Ordinance Creating The Barangay Boundary Disputes Executive Committee (BBD-EC) and Technical Working Group (TWG) and Designating the Composition of Each Team, and Providing the Duties, Functions and Responsibilities and Funds Therefor"

2. Na, noong ika-23 ng Enero 2017, ang Sangguniang Panlungsod ay nagpasa din ng isang Ordinansa Bilang 803 na may titulong "An Ordinance Providing Administrative Guidelines, Rules and Procedures in Resolving Boundary Conflicts Involving Barangays in the City of Puerto Princesa";

3. Na, ang kasalukuyang "political boundaries" sa pagitan ng Brgy. Macarascas at Brgy. Buenavista ay kinumpirma at kinilala ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng pag-aproba ng **Resolution No. 762-2010 na may titulong "A Resolution Confirming and Recognizing the Existing Political Boundaries of Barangay Macarascas and Barangay Buenavista, Both of this City"**

4. Na, ayon sa **"LEGAL OPINION"** na ipinalabas ng Tanggapan ng City Legal, na sa kadahilanang ang "point of reference" ay maliwanag, kung kaya't di dapat pinagtatalunan ang hangganan ng dalawang barangay. Karagdagan dito, sinasabi rin sa nasabing dokumento na kung sakaling ipipilit na gawing "Sia River" ang hangganan ng dalawang barangay ay kinakailangang magsagawa ng isang Plebisito ang dalawang barangay sang-ayon sa probisyon ng Republic Act No. 7160 o ng Local Government Code.

**Sa inyong pangatlong isyu ng "pakikipagsabwatan ng ilang empleyado ng CENRO-PENRO at MIMAROPA Land Management Bureau**

Na, ayon pa rin sa talaan ng tanggapang ito, ang nasabing lupa ay sakop ng DENR Case No. M-02-20-L na may petsang ika-26 ng Pebrero 2020, na kung saan ay isang desisyon ang ipinalabas ni Regional Executive Director Henry A. Adornado, Ph.D., mula sa Tanggapang Panrehiyon ng DENR-MIMAROPA na ang dispositibong bahagi nito ay naglalaman ng mga sumusunod na kataga:

> *"**WHEREFORE** premises considered, the complaints against private parties Eduardo Padojinog, Romia Labrador, Julito Elma, Jr. Engr. Jesus C. Perilla, Jr. are **DISMISSED** for lack of jurisdiction. Likewise, the complaints against Engr. Rex S. Velasco, Conrado M. Corpuz, Noel V. Sumido, Johnny P. Lilang, David F. Dalino, and Renato S. Gonzaga, are **DISMISSED** for failure to establish a prima facie case.*
>
> It is **NOTED** that the complaints of Abrea are treated as one filed in his personal capacity for failure to submit a resolution to file the same in behalf of Aubre Vista Heights Association, Inc.
>
> The Assistant Regional Director for Technical Services and OIC-Chief, Surveys and Mapping Division are **DIRECTED**:
>
> *To **EVALUATE** Abrea's complaint for cancellation of Sgs-0400074-D in accordance with DMC 2010-13;*
>
> *To **SUBMIT** report of action taken on the Order dated January 21, 2013 issued by then Regional Executive Director Edgardo O Galeon re: Subdivision Survey of Lot 68-A, Csd-04-024835 vis-à-vis the plan submitted by Engr. Jesus C. Perilla on January 27, 2014. The Memorandum dated April 21, 2014 of the OIC-PENR Officer, Palawan relative to the report of Engr. Perilla re: Survey of Lot 68-A, Csd-04-024835-D per Order dated January 21, 2013 was referred to the OIC-Chief, Land Management Division per Memorandum dated May 6, 2014; and*
>
> *To **PROVIDE** technical assistance to the Local Government of Puerto Princesa City to resolve the political Boundary Dispute of Barangay Buenavista and Barangay Macarascas pursuant to Section 6 of Local Government Code of 1991 (Republic Act No. 7160).*
>
> ***SO ORDERED."***

**Sa pang-apat at huling isyu na "humihiling kami ng Public Hearing sa Puerto Princesa kasama ang nasasangkot sa usapin ngunit wala po silang positibong pagtugon"**

1. Na, ayon sa talaan ng tanggapang ito, ang parsela ng lupa na may pagkakakilanlang bilang **Lot 68, Sgs-04-000744-D**, na may kabuuang sukat na **54.9160 ektarya,** na matatagpuan sa **Bgy. Macarascas, Puerto Princesa City** ay nakatala sa pangalan ng dating Punong Barangay ng Brgy. Macarascas, Puerto Princesa City na si Gng. Romia L. Labrador;

2. Na, ang nasabing lote ay nagkaroon ng paghahati na umabot sa dalawampu't siyam (29) na bahagi, mula sa lote na may numerong 68-A, Csd-04-024835-D hanggang 68-CC, Csd-04-024835-D, na kung saan ang ilan sa bahagi nito ay natituluhan na;

3. Na, ang lupa ring ito ay napapaloob sa kahilingan ni Punong Barangay Jane C. Villarin ng Barangay Macarascas, Puerto Princesa City na may petsang ika-21 ng Setyembre, 2021 na magkaroon ng imbestigasyon partikular ang bahagi ng nasabing lupa na matatagpuan sa Purok Matahimik, Sitio Baruang, Bgy. Macarascas, Puerto Princesa City;

4. Na, ayon pa rin sa liham ni Kgg. Jane C. Villarin, Punong Barangay ng Bgy. Macarascas, Puerto Princesa City, na may petsang ika-22 ng Hulyo 2022, siya ay humihingi ng tulong upang maresolba ang nasabing political boundary dispute at magpalabas ng STATUS QUO hangga't ang nasabing problema ay hindi nagkakaroon ng solusyon. Karagdagan dito, sinasabi rin niya na ang nasabing lugar ay inilalaan nila para maging relokasyon ng mga residente mula sa Purok Mandaragat nang nasabing Barangay Macarascas. Ipinaalam din niya ang patuloy na pagpapatayo ng mga istraktura at pagpapapasok ng mga miyembro ng isang asosyon na hindi naman mga residente ng Brgy. Macarascas;

Nais naming ipabatid sa inyo na matapos pag-aralan ang mga nababanggit na mga suliranin sa itaas, minabuti ng tanggapang ito na iakyat sa Tanggapang Panrehiyon ng DENR, Manila ang nasabing mga suliranin upang humingi ng klaripikasyon patungkol sa naging desisyon sa kasong nababanggit sa itaas.

Kaugnay dito, noong ika-11 ng Oktubre 2021, ang aming tanggapan ay nakatanggap ng kautusan mula sa Tanggapang Panrehiyon sa pamumuno ni Regional Executive Director Maria Lourdes G. Ferrer, CESO III, na nagbigay ng kopya nang naging kasagutan ng Hepe ng Surveys and Mapping Division na si Engr. Roman G. Legaspi, na nagsasabi na kaugnay sa naging resulta ng pag-uusap noong ika-30 ng Abril 2019 sa tanggapan ng PENRO, iminungkahi niya na bago isagawa ang pagsusukat ng mga lote, ang **"Political Boundary"** sa pagitan ng Macarascas at Buenavista ay kinakailangan munang maisaayos kasabay ang kahilingan na ang gagawing"**survey and delineation of Political Boundary"** ay mapondohan ng Pamahalaang Lungsod ng Puerto Princesa.

Dahil sa mga nabanggit na kadahilanan, ang hinihiling na "public hearing" ay lumalabas na hindi angkop na solusyon para maresolba ang inyong mga suliranin bagkus ang mga sumusunod ay siyang ipinapayo namin na dapat na gawin:

1. Sang-ayon sa **LEGAL OPINION No. 002-2010** na inilabas ng Tanggapan ng City Legal na kung ipipilit natin na ang Sia River ang gagawing hangganan ng Barangay Macarascas at Buenavista, kinakailangan na magsagawa ng isang **PLEBESITO** para sa dalawang barangay upang magdesisyon sang-ayon sa probisyon ng Republic Act No. 7160;

2. **MAPONDOHAN** nang Pamahalaang Lungsod ng Puerto Princesa ang **"survey and delineation of political boundary"** sa pagitan ng Barangay Macarascas at Buenavista, upang ito ay maisagawa ng Surveys ang Mapping Division (SMD) ng Tanggapang Panrehiyon.

3. Magpalabas ng STATUS QUO ORDER ang mas nakatataas na tanggapan ng DENR patungkol sa nasabing lupa.

Nawa ay lubos ninyong naunaawaan ang aming paliwanag.

Lubos na gumagalang,

**PEDRO A. VELASCO**
OIC-CENRO

May mga sipi:
8888 Citizen's Complaint Hotline
PENRO Palawan
DENR-MIMAROPA Region
Barangay Buenavista, PPC
Barangay Macarascas, Puerto Princesa City
City Government of Puerto Princesa

DENR MIMAROPA REGION
CENRO PUERTO PRINCESA
RELEASED
NO: 946
DATE: 3-28-23
BY: